

ANG AMING TAHANAN

Isang Kasaysayan ng Aming Pagkabuo sa
Lahat Henerasyon



DAVID RAYNOR

Íalaaan ng nilalaman

ANG AMING TAHANAN

- 01 Intro
- 02 Mga Pinagmulan
- 03 Mga Batong Pundasyon
- 04 Tahanan
- 04 1914-18
- 06 Pagbabago ng Panahon
- 07 Mga Bagong Pagpapala
- 08 Ang Modernong Panahon

Para sa karagdagang impormasyon
tungkol sa kung sino tayo at
nakikilahok, bisitahin ang
www.communitychurch.org.uk

INTRO



Habang ang simbahan ay palaging tungkol sa mga tao, ang mga anak ng Diyos ay kailangang magsama-sama at magtipon-tipon sa isang lugar. Para sa amin, iyon ang aming lugar ng tahanan sa Ash Street sa Southport. Dating kilala bilang Southbank Road Methodist, ang kuwento ay sinusundan ng mahigit sa isang daan at limampung taon at may mayamang pamana at kasaysayan. Sundan kami habang dinadala ka namin sa 7 magkakaibang mga key-point sa kasaysayan habang ang kuwento ng aming simbahan at ang pagbuo ng tinatawag naming Tahanan ay nagbubukas.

Ang kuwentong ito ay nagsisimula sa epekto ng isang lalaking nakatayo sa lansangan at nangangaral...

MGA PINAGMULAN

Nagsisimula ang aming kwento sa isang lalaking nagngangalang John Wesley. Isang namumunong Ingles sa kilusang Metodista at sinasabing umakyat sa Southport at nangaral sa Cemetery Road noong 1770s, bagaman kung saan eksakto at kung kailan, isang misteryo pa rin. Ang unang paglabas ni John Wesley sa Southport ay nagsimula ng isang daloy ng mga misyonero at mangangaral na naglalakbay para mag-ebanghelyo sa lugar. Bago ang 1806, ang mga pangalang tulad ng William Bamber at ang magkapatid na sina Richard at James Smetham ay dumating para bisitahin ang Southport at ang tinatawag na tela ng buhay ay nagsimulang magbago.

Si Wesley ay mahilig sa pamamahayag nang bukas at sa pagsasalita sa masa. Kasama sa kaniyang manipesto ang pagtawid ng agwat ng kayamanan sa pagitan ng mga mayaman at mga mahihirap at ang kaniyang makapangyarihang retorika ay nagtipon ng maraming bilang para makinig sa kaniya sa pangangaral. Ang kaniyang epekto sa Southport ay nakikita pa rin hanggang ngayon.

Ang Metodismo ay nagsimulang magkaroon ng isang mas nasusukat na anyo sa Southport nang payagan ng isang G. Dutton na maganap ang mga pagpupulong ng Metodista malapit sa kaniyang tahanan, (habang hindi siya pinapayagang ganapit ang mga ito sa kaniyang bahay) sa isang maliit na kapilya na tinawag na Katedral. Ito ang naging unang kapilyang Wesleyan sa Southport at kalaunan ay nawasak noong 1840.

Noong 1860s ang mga unang pagpupulong ng Metodista sa Blowick ay ginanap sa pagawaan sa bahay ng isang Mr. at Mrs. Bridge, na noon ay naging isang lugar ng paglago at muling pagkabuhay. Kinakitaan ng 1865 ang mga silid tsaahan na itinatag sa kanilang mga tahanan at isang nakatutuwang insidente ang naganap. Kung saan ang silid mismo ay masikip nang labis, ang pag-apaw na ito ay nagresulta sa mga batang lalaki na manatili sa itaas na pagawaan. Isang batang lalaki, na hindi sinasadyang maitulak, ang nahulog mula sa itaas na pagawaan. Sa sandaling ito napagtanto ng mga miyembro ng silid tsaahan na oras na para makakuha ng isang mas malaking lugar para gawin ang kanilang mga pagpupulong. (Sa kabutihang palad, ang bata ay walang pinsalang natamo).

Humantong ito sa pagbuo ng unang kapilyang Metodista ng Blowick na nagkakahalaga ng £700 at natapos buoin sa pagtatapos ng taong 1865 at tumanggap ito ng halos 72 mga sumasamba.

Ito ay sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga pagpupulong ng Blowick at sa labis na daloy nito pati na rin sa impluwensya ng mga nagsasalita sa tanawing iyon tulad ni John Wesley na humantong sa mga kaganapang nangyari sumunod.



MGA BATONG PUNDASYON

Sa gitna ng muling pagkabuhay ng Metodista sa Southport. Ang isang maliit na pangkat ng pitong taong masisigasig noong 1865 ay umarkila ng isang washhouse para makapagsimula ng isang Sunday school. Ang espasyong ginamit nila para sa mga lingguhang pagpupulong ay labindalawang talampakan nang labindalawang talampakan sa Cemetery Road. Gayunpaman, sa loob ng taon, napilitan silang lumipat sa mas malaking akomodasyon dahil sa kanilang mabilis na paglago.

Isang paglipat ang ginawa sa 'Mother Blundell's Barn' sa Trap Lane. Gayunpaman, dahil sa mabilis na paglago (na muli), nagsimula ang kongregasyon na magtayo ng isang ekstensyon ng paaralan sa kanilang maliit na espasyo, na isinalpak sa dulo ng kamalig; ang kabuoang bagay ay kabuuang nagkahalaga ng £95 para maitayo. (Karamihan ay nagawa sa pamamagitan ng mga pintu-pintong koleksiyon.) Ang gusali ay natapos noong sumunod na taon noong 1866 at kilala bilang Trap Lane Sunday School. Gayunpaman, ito pa lamang ang simula dahil ang lugar na ito ay tatagal lamang sa kanila sa loob ng sampung taon.

Ito ay hindi sapat at noong 1870s isang paglipat ang napagpasyahan at ang Trap Lane Sunday school ay kailangang ilugar sa isang pag-aari sa sulok ng Ash Street sa Southbank Road. Ang sumunod ay ang mga naging pundasyon ng isang multipurpose na eskuwelahan at kapilyang gusali. Isang makabuluhang kaganapan na kalaunan ay magiging isang hagdan para magkaroon ng mas malalaking mga kaganapan ang paglapat ng unang batong pundasyon noong Mayo ika-10, 1876 ni G. James Wood. Ang gusali mismo ay natapos sa susunod na taon.

Gayunpaman, napatunayan na ito ay hindi pa rin sapat, at isa pang pagpapatayo ang inatasan sa lugar. Para maging pangunahing gusali ang lugar ng pagpupulong na mayroon kami ngayon, ito ay nakatulong para matugunan ang mga pangangailangan ng mabilis na lumalagong pamayanan at ang bilang ng mga batang nangangailangan ng mga klase sa Sunday school. Ang mga batong batayan nito ay inilapat noong 1887 ng isang Dr. James Wood.

Bagaman ibang-iba ito sa ngayon, makikita mo pa rin ang gusaling ito at ang ilan sa mga orihinal na tampok nito sa aming lugar ng pangunahing pagpupulong, kasama ang mga stained-glass na mga bintana at ang mga upuan ng simbahan sa itaas na palapag. Matapos makumpleto ang gusali, isang organ ang inihandog bilang isang espesyal na regalo sa simbahan.

Ang sketch na ito ni Percy Lancaster ay nagpapakita ng nakumpletong bersyon ng pangunahing gusali ng pagpupulong na itinayo sa Southbank Road na narito pa rin hanggang ngayon. Ang gusali mismo ay ginawa sa isang tradisyunal na estilong Metodista na may dalawang pangunahing pasukan ngunit umaayon din sa estilong pulang ladrilyo ng rehiyon.



TAHANAN


Sinabi ni Lorne Cornish na ang "Southbank Road sa Mornington Road Circuit ay hindi isang malaking simbahan, ngunit ito, sa ilang taon, ay naging espirituwal na tahanan ng isang masigasig at matapat na mga taong nakatuon sa bawat mabuting gawa." Ang kongregasyon ng simbahan ng Southbank Methodist ay nagtitipon tuwing Linggo at madalas maraming beses tuwing Linggo para sa mga serbisyo sa umaga, hapon, at gabi. Mayroon silang iba't-ibang mga mangangaral at umaawit ng iba't-ibang mga himno. Bukod rito, sabik ang simbahan at handang gampanan ang kanilang tungkulin na makitang umunlad at lumago ang simbahan. Ito ay madalas na naipahahayag sa sakripisyong monetarya at donasyon para sa layunin ng Diyos. Ang isang halimbawa kung saan ginamit nang mahusay ang perang ito ay sa mga tirahan ng dumaraming populasyon sa Southport at sa higit na pangangailangan ng mga bata na magkaroon ng Sunday school.

Labinlimang taon sa kung anong mayroon ngayon sa Pangunahing Gusali ng Pagpupulong:

Pinalitan ng simbahan ng Southbank Road Methodist ang dating paaralan-kapilya ng kung ano ngayon ay gusali ng Family Life Centre. Ang mga unang pundasyon nito ay inilatag noong ika-20 ng Hulyo 1903 at natapos sa mas mababa sa isang taon, at nagbukas sa ika-20 Abril 1904. Ang buong konstruksyon ay nagkahalaga ng £5,800 upang maitayo. Ang bagong tayong ito ay tumanggap ng mas malalaking silid-aralan at mas maraming espasyo para sa mga bata na may iba't-ibang mga pangkat ng edad. Bukod

pa roon may isang malaking kusina rin. Ginawa ito para magkaroon ng puwang para sa lumalaking bilang ng mga batang nangangailangan at para sa lumalaking populasyon ng Southport sa pangkalahatan. Ang lahat ng ito ay karamihang binayaran ng mga donasyon ng kongregasyon sa simbahan.

Narito ang isang larawan na kinunan noong 1920s kung bilang ano ibinuo ang modernong FLC. Habang ang loob nito ay binago para i-angkop sa panahon at naluma sa paglipas ng daang siglo mula nang kunan ang larawan, nananatili pa rin itong pareho.



1914-18



"Binabago ng giyera ang lahat," sinabi ng isang manunulat para sa magasin ng simbahan ng Wesleyan. "Isa-isang naglaho ang mga kabataang lalaki." Ang patuloy na pagbabago ay naging isang pangunahing bahagi ng buhay sa panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig. Ang gusali ng simbahan sa Southbank Road ay walang eksepsyon sa panuntunang ito sa mga pagsubok ng panahong iyon. Ang dekadang-edad na loob ng Sunday school (na tinatawag ngayong Family Life Centre) ay naging isang annex ng lokal na ospital ng Southport. Sa ibabaw ang hangarin nito ay tila medyo simple, ngunit sa kaloob-looban ito ay mas kumplikado.



Una, ang nasasakupang paaralan ay ibinaliktad at naging instituto ng mga sundalo nang halos magdamag lamang. Kasama rito ang pagkakaroon ng isang mesa ng bilyaran, isang canteen kung saan ang lahat ay nagkakahalaga lamang ng isang sentimo, at isang silid na partikular na inilaan para sa pagsusulat ng mga liham (mayroon pating isang shooting range - kung paano man nila ito napagkasya). Ang lugar ay buhay na buhay at puno ng kagalakan. Ang mga sundalo at mga tagapangasiwa ay nagtipun-tipon para kumanta ng mga himno at manalangin para sa mga tao sa lahat ng edad. Gayunpaman, iniwan ng mga kabataang lalaki ang "Ilalim ng canvas" para sa mga front lines.



Tulad ng bilang ng mga araw, linggo, at buwan na sumadsad sa giyera, gayundin ang pagtaas ng bilang ng mga nasugatang sundalo. Nagtira ito ng isang pagpipilian lamang. Upang gumawa ng mas maraming lugar sa paaralan para sa mas marami pang mga sundalong sugatan. Sa una, ang mga plano at pagpopondo ay inilatag para sa 50 mga kama. Gayunpaman, ito ay hindi sapat para matugunan ang mga hinihingi ng giyera at sa gayon, ang inaasahang kabuuan ay itinaas sa 80 mga kama. Ang gastos sa pagdaragdag ng mga bagong kama na may wastong mga kagamitan ay tumaas mula sa abot-kayang £300 hanggang sa higit sa £500.

Gayunpaman, ito ay ang kontribusyon ng kongregasyon ng simbahan ng Southbank Road na nagbigay ng kapital para tulungan ang tumataas na bilang ng mga nasugatan. Ang kongregasyon, na naglibot pinto-pinto para mangolekta, kapwa "mayayaman at mahihirap!" ay nag-handog ng isang mahirap na kinitang pera. (Sa isang babaeng nagtatrabaho ang nagbalot nang mabuti ng kanilang donasyon sa papel bago ito ibigay sa ospital). Ang kabuuang total ay naipagsama-sama sa halagang £560 para madagdagan ang mga bagong ward at operating room ng mga wastong kagamitan. Ang pagpapatayo, bilang resulta, ay pinuri ng parehong infirmary board at mga opisyal ng militar. Palaging isang pagpapala na malaman na ang mga tao ng aming bayan ay nagkakasama-sama sa oras ng pangangailangan para matulungan ang kanilang komunidad pati na rin ang mga nakaranas ng karahasang hindi inaasahang mangyari noon.

Ang mga kakila-kilabot na karanasan ng giyera ay hindi itinago sa mga front lines. Nakita at narinig ng ospital ang lahat ng mga madidilim na kuwento mula sa giyera. Kadalasan nakikisalamuha ang mga sundalo mula sa mga front lines sa kakila-kilabot na mga laban tulad ng Gallipoli at Hilagang Africa. Ang kawani at ang mga lokal ay siguradong makakakita, tulad ng isang manunulat na tinawag na 'Bronzed faces' ang mga taong nasa labanan sa giyera laban sa Ottoman Empire. Marami sa mga nasugatan na nailagay sa ospital annex sa Southbank Road ay mga lokal at nakatanggap ng "Maligayang pagbabalik".

Sa sandaling natapos na ang giyera at ang mga paaralan ay tumigil nang maging ospital, isang Memorial Cross ang itinayo sa gitna ng lugar bilang honorario sa mga nawalan ng kanilang mga buhay sa panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig. Isang tansong tableta ang inilagay din sa bulwagan ng paaralan, at pati ang mosaic ng larawang 'He Is Risen' ni Axel Ender ay nasa looban na rin ng simbahan.



PAGBABAGO NG PANAHON

Ang simbahan ng Southbank Methodist ay nagpatuloy sa dating normal na buhay nito pagkatapos ng giyera. Nasisiyahan sa matatag na buhay at katulad ng mga ganoong kagalakan sa paglipas ng panahon. Gayunpaman, sa huling kalahati ng siglo, ang kongregasyon ay nagsimulang maluma at mas kaunti nang kaunti ang mga bagong kasaping sumasali.

Ang aming susunod na keypoint ay magdadala sa atin sa 1983, nang ang Simbahang Komunidad sa Southport ay itinatag pagkatapos na iwan ang kanilang mga Plymouth Br Brothers roots sa Canning Road Chapel. 12 miyembro ang gutom sa paglago ng kanilang mga espiritu at sabik na hinangad ang mga espiritwal na regalo. Habang nasisiyahan sila at pinagpala ang kanilang oras sa Canning Road, nais nila ang isang mas malapit pa na koneksiyon sa Banal na Espiritu at naniwala na sila ay pinapatnubayan ng Diyos sa daang ito.

Ang labindalawang ito ay nagpatuloy na maging Sentral Na Mga Pinuno sa lumalaking Simbahang Komunidad, na bumibisita bahay-bahay sa maliliit na bilang. Pinalakas ng gutom na makita ang Kaharian ng Diyos na darating sa mundo at makakasama sa lokal na pamayanan, ang mga maagang pagpupulong ay ginanap sa bahay-bahay ng mga kaibigan at kapamilya bago ito manirahan sa lumang gusaling Metodista.

Ang mga unang taon na ito ay nakita ang simbahang tinulungan ng ministro nina Bryn at Kerri Jones na nag-ugnay sa kanila sa iba pang mga samahan tulad ng Ministries Without Borders, ngunit nangahulugan din na ang simbahan ay makikibahagi sa mga pangunahing kaganapan tulad ng Bible Week.

Bukod rito, ang simbahan ay magiging aktibo rin sa kanilang pamayanan na gumawa ng mga kaganapan sa pag-aabot sa mga lansangan at sangkot sa martsa para kay Jesus.

Kapag ang mga Tahanan ay nagiging napakaliit para magkasya sa kanilang lumalaking bilang, ang simbahan ay kumukuha ng mas malalaking mga silid sa bayan, mula sa mga bulwagan ng paaralan hanggang sa mga lugar sa tabi ng promenade.

Gayunpaman, hindi pa rin ito isang permanenteng solusyon sa kanilang paglaki dahil ang mga silid at lugar na ito ay hindi idinisenyo para sa mga pagpupulong ng simbahan at mayroon pang ibang mga pangangailangan; ang mga bulwagan ng paaralan ay mga bulwagan ng paaralan kung tutuusin, at ang simbahan ay may mga kagamitan na kailangan ng maayos na tirahan kung saan magagamit ang mga ito sa pinakamahusay na posibleng paraan. Sa huli, ang simbahan ay nangailangan ng isang espasyong maaaring magbigay sa kanila ng isang mas malalim na itinatakbang base ng operasyon sa pamayanan, at para mapaunlakan ang lahat ng kanilang dumaraming mga pangangailangang pang-komunidad at pang-administratibo.

Mabilis na nagkaroon ng paghahanap para sa kung saan mapagbibigyan ang lahat ng mga pangangailangang ito.



MGA BAGONG PAGPAPALA



Ang pagsisimula ng siglo ay nagdulot ng napakaraming pagbabago sa mundo ngunit pagbabago rin para sa mga tao sa Southport. Una sa lahat, ang mga kasapi na dumalo sa simbahan ng Southbank Methodist ay naglipat-bahay at nakipagsama sa isa pang pamayanang Metodista na tinatawag na Simbahan ng St. Philips, na nasa ibabang kalsada at nangahulugan ito na ang mga luma nang mga kasapi ay hindi na kailangan pang maglakbay nang malayo. Ito ay naganap dahil sa pagbaba ng bilang ng mga miyembro at kawalan ng kakayanang mapanatili ang mga gastusin na inilalagak sa kanila ng mga gusali ng simbahan. Dahil rito, ipinagbili ang mga gusali.

Bago umalis ang Metodista mula sa kanilang gusali noong 1999, ang Simbahan ng The Southbank Methodist ay nagsagawa ng libing para sa isa sa mga miyembro nito, isang lalaking nagngangalang Edgar Raynor. Ang anak na lalaki ni Raynor (isang miyembro ng Simbahang Komunidad) ay dumalo kasama ang ilan sa kaniyang mga kaibigan. Sina Sue Oliver at Geoff Grice (parehong mga kasapi rin ng Simbahang Komunidad) ay nakaupo sa bangko na pinakamalayo mula sa entablado at pulpito. Hinangaan ni Geoff ang gusali, tinitingnan ang mga tampok sa kisame at inii-scan ng kaniyang mga mata ang mga dingding at mga stained-glass na bintana. Napansin ni Sue ang kaniyang paghanga, sumandal, at bumulong sa kaniyang tainga: "Alam mo bang ibinibenta ang gusaling ito?"

"Hindi, hindi ko alam," sabi ni Geoff, habang nakataas ang isang kilay. Patuloy niyang ipinagmumuni-muni ang gusali, isinalarawan ang potensyal na maaaring mayroon ito kung ang kaniyang sariling simbahan ay gagamitin ang espasyo. Nagtataka ako kung magkano mabibili ito, naisip niya sa sarili.

Dahil sa naramdaman ang pagkakataon, sinangguni ni Geoff ang kaniyang mga kapwa pinuno ng simbahan tungkol sa gusali bago nagtanong sa pagbili nito. Sa karagdagang inspeksiyon at mga katanungang binanggit, nakita ni Geoff at ng isa pang pinuno na si Dave Gregg kung paanong ang gusali ay maaaring maging isang napakalaking pagpapala sa kapwa simbahan at sa mas malawak na pamayanan. Matapos magdasal at mag-ayuno, ang lugar ay inilipat sa bagong pagmamay-ari ng Simbahang Komunidad.

Si Geoff Grice ang isa sa mga unang pinuno ng Simbahang Komunidad at tumulong na maitaguyod ang simbahan sa dating gusaling Metodista na sasailalim sa seryosong pagbabago, habang dinadala ito mula ika-20 siglo hanggang ika-21 sa pagdating ng Simbahan Komunidad sa mismong loob ng mga pader nito.

ANG MODERNONG PANAHOON

Ang aming huling sandali sa kasaysayan ay nagdala sa amin sa huling dalawampung taon ng Simbahang Komunidad na patuloy na pinagpapala ng pagtatayo at ng pamayanan. Habang ang mga makabuluhang pagbabago ay nagagawa.

Ang mga gusali ng simbahan ay sumailalim sa malaking pagbabago sa paglipat ng pagmamay-ari sa Simbahang Komunidad. Sa pagkakaroon ng isang malalim na naiibang pag-unawa sa kung ano dapat ang gusali ng simbahan at kung paano ito dapat gumana, ang mga pinuno ng simbahan ay hinangad na baguhin ang isang ika-19 siglo ng istraktura patunga sa isang ika-21 siglong lugar ng pagsamba.

Ang mga unang bagay na inalis sa bulwagan ng pagpupulong ng simbahan ay ang mga bangko sa unang palapag. Sa kabila ng pag-unawa sa kanilang pagiging kapaki-pakinabang, naniniwala ang mga namumuno na ang pagpapalit ng mga lumang bangkong kahoy sa malayang ilipat na mga upuan ay magbibigay-daan para sa mas masiglang mga pagpupulong ng simbahan, at para sa iba't-ibang mga pagtitipon na maganap sa bulwagan ng pagpupulong. Sa antas pilosopiko, naniniwala ang mga namumuno na sa halip na mga nakaharap na bangko, ang mga upuan na maaaring ilipat, palubutin o mai-tabi ay maaaring makatulong na magtaguyod ng mga relasyon at pagka-pamayanan nang mas mahusay kaysa sa mga bangko na idinisenyo lamang para sa pag-upo nang di-kumikibo at sa pakikinig lamang sa mangangaral.

Habang ang organ ay isang kamangha-manghang bahagi ng gusali, ninais ng simbahan ang isang modernong worship band na maaaring magdala ng ibang dinamiko sa pagsamba. Inalis ito at pinalitan ng isang lugar bautismo.

ANO ANG GINAGAWA NGAYON NG SIMBAHANG PAMAYANAN?

Regular na nagkikita ang simbahan tuwing Linggo ng umaga sa Ash Street ngunit nakatuon sa pag-aabot-tulong sa lokal na pamayanan ng lahat ng edad at pinagmulan. Nilalayan naming isulong ang Kaharian ng Diyos at basbasan ang mga tao sa paligid natin.

